# Mataas na kalidad na edukasyon, ipaprayoridad ni Joy B sa QC



VM Joy Belmonte

Bibigyang prayoridad ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte na palakasin ang kalidad ng edukasyon sa lungsod kaysa sa pagtutok sa paglalaan ng sapatos at uniporme sa mga mag-aaral.

"Hindi naman istrikto ang DepEd sa uniporme at sapatos, pero para sa akin sa halip na sapatos at uniform pero bagsak naman ang anak mo sa pag-aaral so para sa akin, kailangan lamang na maiangat ang kalidad ng edukasyon sa QC para magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa pagsusulat at pagbabasa na mas importante para sa kanila," pahayag ni Belmonte.

"Ano ba ang mahalaga sa kanila, yung maganda ang uniporme at sapatos ng bata o ang kalidad ng edukasyon ng bata, para sa akin kailangan na ma-prioritize ang pagpapahusay sa kalidad ng edukasyon sa QC," sabi pa ni Belmonte.

Kaugnay nito, binigyang diin din ni Belmonte na marami ng mga batas sa QC na higit na mapapakinabangan ng mga taga-lungsod pero may ilan anya ay hindi naiimplementa.

"Sa tingin ko implementasyon lang ang problema kaya nga hinihingi ko sa mga taga-QC na mabigyan ako ng pagkakataon kasi ako ang taga-pagpastol ng kanilang mga konsehal sa kanilang pagiging kinatawan ng ating mamamayan sa kani-kanilang distrito at tingin ko, kabisado ko na ang mga batas na naipasa na at sa palagay ko ay ako ang pinaka-qualified na maging Mayor ng QC," dagdag pa ni Belmonte.

Si Belmonte ay tumatakbong Mayor ng QC sa ilalim ng Serbisyo sa Bayan Party kasama si Councilor Gian Sotto bilang Vice Mayoralty candidate. *(Angie dela Cruz)*